The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church
Vol. 13 • Issue No. 13 • March 30, 2025 Php 15.00

VOICE OF THE VISION

# No Condemnation

**Romans 8:1 (NKJV)**
There is therefore now no condemnation to those who are in Christ Jesus, who do not walk according to the flesh, but according to the Spirit.

## Introduction

What does it mean for a person to be in Christ?

**When a person believes in Christ:**

**Romans 8:28-30, 35-39**
28And we know that all things
work together for good to those
who love God, to those who are the
called according to His purpose.
29For whom He foreknew, He
also predestined to be conformed
to the image of His Son, that He
might be the firstborn among
many brethren. 30Moreover
whom He predestined, these He
also called; whom He called, these
He also justified; and whom He
justified, these He also glorified.
35Who shall separate us from the
love of Christ? Shall tribulation,
or distress, or persecution, or
famine, or nakedness, or peril,
or sword? 36As it is written: "For
Your sake we are killed all day
long; We are accounted as sheep
for the slaughter." 37Yet in all
these things we are more than
conquerors through Him who
loved us. 38For I am persuaded
that neither death nor life, nor
angels nor principalities nor
powers, nor things present nor
things to come, 39nor height nor
depth, nor any other created
thing, shall be able to separate us
from the love of God which is in
Christ Jesus our Lord.

**- He is identified with Christ.**
**- He is counted and considered to be in Christ.**
**- He is reckoned and credited as in Christ.**
**- He is in union with Christ and therefore he is no longer condemned and the curse of sin is broken.**
**- It means that a believer can now walk and live in Christ day by day.**
**- He no longer walks in the flesh but after the Spirit.**

**Galatians 5:22-23**
22But the fruit of the Spirit is
love, joy, peace, longsuffering,
kindness, goodness, faithfulness,
23gentleness, self-control.
Against such there is no law.

## Challenge

Therefore, God has placed the believers and positioned each one of them in Christ and identified every one with all that Christ is.

**2 Corinthians 5:21**
For He made Him who knew no sin to be sin for us, that we might become the righteousness of God in Him.

**Hebrews 9:14**
How much more shall the blood of Christ, who through the eternal Spirit offered Himself without spot to God, cleanse your conscience from dead works to serve the living God?

**Romans 5:8**
But God demonstrates His own love toward us, in that while we were still sinners, Christ died for us.

**Galatians 3:13**
Christ has redeemed us from the curse of the law, having become a curse for us (for it is written, "Cursed is everyone who hangs on a tree.")

**Titus 2:14**
Who gave Himself for us, that He might redeem us from every lawless deed and purify for Himself His own special people, zealous for good works.

**Hebrews 9:28**
So Christ was offered once to bear the sins of many. To those who eagerly wait for Him He will appear a second time, apart from sin, for salvation.



**"Ang Lord ay sinusunod; hindi sinusuway. The reason why we cannot follow is because we cannot make a decision. We are confused. We don't know the voice we will follow."**

Rev. Dr. William G. Sy
*Sunday Worship Service | April 30, 2023*



**Rev. Dr. William G. Sy**
*Head Pastor*

MT. TABOR UPDATE

# MT. TABOR, INIHAHANDA PARA SA GAWAIN

Ayon sa Salita ng Diyos sa 2 Corinto 9:8, "Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay, at higit pa sa inyong pangangailangan, upang sumagana kayo para sa mabubuting gawa." Ang Diyos ay tapat at pagpapalain Niya ang ministeryong Kaniyang gagamitin.

Ang UCF Mt. Tabor Church Re-Creation Center ay patuloy na ginagamit ng Panginoon upang dito idaos ang iba't ibang programa kung saan ang bawat isa ay makararanas ng kaginhawaan at kagalakan. At para sa paggamit ng lugar, ang pag-aayos at pananatili ng kagandahan nito ay kinakailangan. Ang bungad ng Mt. Tabor ay nilagyan ng mas maaliwalas na estilo. Nagsimula na rin ang produksiyon sa *greenhouse* kung saan ay inilipat na ang mga pinunla na iba't ibang mga *lettuce*. Ang mga manggagawa at miyembro ng Mt. Tabor Church ay patuloy na nagkakaisa sa paghahanda ng lugar para sa programa na magaganap ngayong Abril. Tunay na mayroong kaligayahan sa pagsunod sa kalooban ng Diyos!










UCF Mt. Tabor CHURCH • RE-CREATION CENTER





Inalis at nilinis na ang mga puno ng mahogany, upang maging maaliwalas muli ang lugar.





## PAGKAKAISA SA PAGLILINIS

*Masisilayan ang kagalakan ng lahat sa kanilang pagkakaisa habang gumagawa.*

Matthew 7:7 (NKJV)

*"Ask, and it will be given to you; seek, and you will find; knock, and it will be opened to you.*






Buong lakas sa pagbubuhat ang kalalakihan ng mga pinutol na puno ng mahogany upang maisaayos ang lugar.

## PAGTATANIM SA GREENHOUSE



Sinimulan na ang pagtatanim ng mga lettuce sa greenhouse. Tulong-tulong ang kapatiran sa paggawa nang may kagalakan sa kanilang puso.

## PAGKAKABIT NG PROMOTIONAL SIGN




Para sa mas maganda at malinis na itsura ng harap ng Mt. Tabor, gumawa ng bagong harang at dito ikinabit ang tarpaulin signings upang maanunsiyo ang mga serbisyong handog ng UCA at UCA College of Asia.

*For everyone who asks receives, and he who seeks finds, and to him who knocks it will be opened.*

**Matthew 7:8 (NKJV)**

WATER BAPTISM



# Pamumuhay kay Kristo

Libo-libong anghel sa langit ang nagagalak tuwing mayroong anak ay Diyos na tumanggap kay Hesus, nagsisi sa kaniyang kasalanan at naging bagong nilalang.

Nitong Sabado, Marso 29, ang ilan sa ating mga kapatid mula sa Mt. Tabor Church ay sumailalim sa pagbabawtismo sa tubig bilang pagtalikod at pagkamatay sa kanilang lumang buhay at muling pag-ahon bilang isang bagong nilalang sa Panginoon. Ang kapatiran at mga manggagawa ng panambahan ay sinalubong sila ng pagbati at mainit na pagtanggap sa pamilya ng Panginoon. Ito ay kanilang patotoo na ang Diyos ay buhay at ang Banal na Espiritu ang Siyang kumikilos at nagungusap sa puso ng bawat isa.

Salamat sa Diyos dahil sa Kaniyang habag at pagmamahal ay Kaniyang kinatagpo ang mga nawawalang tupa. Nabago ang kanilang makasalanang buhay sa pamamagitan ng dugo ni Hesu Kristo at sa pananampalataya na naitanim sa kanila ng Salita ng Diyos.





*Tunay na ang Panginoon lamang ang may kapangyarihang magbago ng buhay matapos Niyang katagpuin ang Kaniyang mga anak. Salamat sa Diyos na Siyang tumawag at nagbukas ng oportunidad upang lahat ay makalapit sa Kaniya.*

## Welcome to the FAMILY OF CHRIST

Bro. Norwen F. Amancio
Bro. Dave Matthew P. Andal
Bro. Ricky C. Balag
Bro. Cesario C. Cortez
Sis. Ligaya Rosalia I. Cortez
Bro. Lamberto P. De Sagun
Sis. Maan Grace M. Fuentes
Sis. Ronnel B. Natividad
Sis. Cynthia B. Natividad
Bro. Shane Allyson B. Natividad
Bro. Daniel L. Ortilla
Bro. Jesza I. Ortilla
Sis. Marites D. Pollenza

Proverbs 9:10 (NKJV)

*"The fear of the Lord is the beginning of wisdom, And the knowledge of the Holy One is understanding."*

NEWS UPDATE

# Pagtugon sa tawag ng paglilingkod



Sa mga susunod na buwan ay tatampok muli sa UCF ang kinapapanabikang mga programang hindi lamang magbibigay galak sa bawat isa, kung hindi ay magiging daan din upang ang ebanghelyo ay maipahayag sa mga nawawalang kaluluwa.

Sa pangunguna ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy, nagkaroon ng makabuluhang *Leaders' Meeting* noong Marso 24, Lunes, sa UCF Sanctuary. Kabi-kabilang paghahanda ang ginagawa ng bawat lider at mga komite upang masiguro ang kaayusan ng mga nalalapit na programa tulad ng *Family Camp* at Misyon. Ibinahagi muli ni Rev. Dr. Sy ang responsibilidad at tungkulin ng bawat isa bilang mga manggagawa ng panambahan at ipinaalalang magpatuloy sa lakad pananampalataya hanggang sa muling pagbabalik ng ating Panginoong Hesus.

Higit sa lahat ng pisikal na paghahanda ay kasamang idineklara sa panalangin ang buong pusong pagtugon sa tawag ng paglilingkod at ang pagsama ng Banal na Espiritu Santo na Siyang magsisilbing gabay ng mga anak ng Diyos.

UCACOA CONTACT CENTER SERVICES TRAINING

# Developing industry-ready citizens




*It is an opportunity for the Good News of Jesus Christ to be preached to the students of UCACOA—planting in their hearts the seed of faith that will grow according to the will of God.*

Truly, the Lord showers His unending favor to the ministry that He has called, UCA College of Asia (UCACOA), to become an avenue where people will be trained and developed to be job-ready and productive citizens in our community.

UCACOA works hand-in-hand with Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) to provide training for individuals planning a career in the business process outsourcing industry. The training started last March 18, Tuesday, and is held online via Google Meet and UCA Online where activities and drills are available to improve their English communications skills and proficiency as it is a key component for being a customer service representative. Topics like delivering quality customer service and handling customer complaints are discussed and elaborated in their classes.

Praise the Lord for opening doors of opportunities where UCACOA can indeed be an access to one's future!

*"The fear of the Lord is the beginning of wisdom, And the knowledge of the Holy One is understanding."*

**Proverbs 9:10 (NKJV)**



UCF FAMILY CAMP FEATURE

# Kagalakan sa presensiya NG DIYOS

Let Your Light Shine
MATTHEW 5:16
Family Camp
2025

Kagalakan sa puso ng mga anak ng Diyos ang makasama ang kanilang pamilya sa pagsunod at pagmamahal sa Diyos.

Kaya naman, buong pagsisikap ang bawat miyembro at manggagawa ng UCF sa pag-imbita sa kanilang mga pamilya sa taunang *Family Camp* kung saan kanilang mararanasan hindi lamang ang kagalakan kasama ang kapatiran, kung hindi maging ang pagmamahal at kapahingahan sa presensiya ng Panginoon. At sa loob ng maraming taon, naging saksi ang kapatiran sa mga kaluluwang kinatagpo at mga buhay na binago ng Diyos.

Narito ang ilan sa patotoo ng ating mga kapatid sa kanilang masasayang karanasan sa Diyos kasama ang pamilya ng UCF sa mga nagdaang *Family Camp*.





2024



**"Muli akong binigyan ng buhay ng Panginoon at hinayaan Niya na makapaglingkod ako sa Kaniya."**



**Bro. Julius Barcenas**
Family Camp Attendee

*"Noong Family Camp 2024 ay nagdesisyon akong sumunod sa tawag ng Panginoon na aking idineklara sa pamamagitan ng pagpapa-baptize. Memorable sa'kin ang sama-samang pagbibigay ng papuri't pasasalamat sa Panginoon through praise and worship at mga palaro na nagbigay ng pagkakataon na makakilala ako ng iba pang mga kapatid."*



2024





**"Isang taon na ang lumipas ngunit nandito pa rin sa aking puso ang kagalakang iyon noong Family Camp. Hindi ko ito makakalimutan."**

*"Napakamakabuluhan ng aking experience noong Family Camp sapagkat nandoon ang paglago ng relasyon ng isang pamilya sa Panginoon. Memorable moments namin ay ang mga laro kung saan ay may misyon ang bawat laro at ginagawa ko ito kasama ang aking pamilya at lalo't higit kasama ko ang Diyos. Hindi ito mababayaran ng kahit anong halaga ng salapi at hindi ko ito ipagpapalit sa kahit anong bagay."*



**Bro. Jojo Andal**
Family Camp Attendee





2024



2022

**"Nagkaroon kami ng fellowship time kasama ang buong family ng UCF na lubos na na-enjoy ko!"**



**Sis. Elyna Karene Dolotina**
Family Camp Attendee

*"Isa sa pinakamasayang experience ko sa Family Camp ay ang fellowship ng UCF family sa Mt. Tabor kung saan hindi lang kami nakapag-enjoy sa maraming palaro na ginawa namin kung hindi pati na rin sa opportunity na makarinig ng Salita ng Diyos bilang isang katawan na tinawag ng Panginoon."*

**John 14:13-14 (NKJV)**

*[13]And whatever you ask in My name, that I will do, that the Father may be glorified in the Son.*
*[14]If you ask anything in My name, I will do it.*








***"Ang masayang karanasan ko sa Family Camp ay ang napagtibay o napalalim pa ang samahan at pagkakaisa ng ating pamilya."***



**Bro. Orlando De Sagun**
Family Camp Attendee

*"Sa Family Camp ay nagkaroon ako ng dagdag na kaalaman sa tamang pamumuhay, pakikisalamuha sa kapatiran at higit na napalalim pa ang pakikipagrelasyon ko sa buong pamilya sa Panginoong Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi o pagpapahayag ng Salita ng Diyos."*










***"Hindi lang ako pinagaling ng Diyos sa pisikal bagkus ay nakamtan ko ang total healing sa aking buhay."***

*"Ang Family Camp 2019 ang siyang naging daan upang magpakilala ang Diyos na buhay at tapat sa aking buhay. Sa pamamagitan ito ng pag-invite sa akin ng aking anak. Doon din ako nagpabawtismo sa tubig at simula noon ay lumakad ako nang may pananampalataya at puno ng pagmamahal at maging ng pag-asa na nagmumula sa ating Diyos. Glory to God!"*



**Sis. Rina Ani**
Family Camp Attendee












***"Sa kwentuhan, biruan at pag-uusap ay nagkakaroon ng congruency kasi magkakapatid tayo kay Kristo."***



**Sis. Lorna Vargas**
Family Camp Attendee

*"Ang pinakamasaya para sa akin sa Family Camp ay ang makasama ko ang kapatiran ko sa UCF. Iba ang saya kapag sila ang kasama ko. Ang pinaka-memorable para sa akin ay ang nakasama ko sa iba't ibang activities ang mga anak at asawa ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos bagkus nang dahil dito ay nagkakaroon ng time at opportunity ang bawat family ng magkasama-sama."*










***"God asked me to let go of someone/something important, but He also made sure to replace it with the best one, best love—the love that only He can give."***

*"Isa sa pinakamasayang experience ko was last year, Family Camp 2024. First time kong um-attend noon and I didn't know that it'll be the start ng pagkatagpo ng Lord sa'kin at pagtugon ko sa tawag Niya. During Family Camp 2024, may message ang Lord sa'kin and that topic enlightened me and gave me different views about commitment and relationship."*



**Sis. Jeanette De Sagun**
Family Camp Attendee

*But without faith it is impossible to please Him, for he who comes to God must believe that He is, and that He is a rewarder of those who diligently seek Him.*

**Hebrews 11:6 (NKJV)**

## SERMON NOTES

*Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.*










### SHARE HIS WORD



### CONTACT US

Tel. No. 8-429-8325 (PLDT)
7-954-7527 (Globe)

### FOLLOW US

Facebook @UCFOfficial
Instagram @UCF_Official
Twitter @UCFOfficial1
YouTube @UCFOfficial

### VISIT US

**UCF SANCTUARY**
17 Highlight St., Area 4, Fourth Estate Subd., Parañaque City

**UCF MT. TABOR CHURCH**
Purok 1, Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna

### WEEKLY SCHEDULE

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
9:00 AM (Parañaque)

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
3:00 PM (Cabuyao, Laguna)

**HOUSE OF PRAYER**
8:00 AM - 5:00 PM

**HOME BIBLE CHURCH & STUDY**
Monday - Thursday
Laguna Areas

Scan these QR codes to watch the replays of the **UCF Sunday Worship Services.**

Facebook | YouTube